REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

# KAPASIYAHAN BILANG 94-139

KAPASIYAHAN NA NAGLILIMITA SA GAMIT NG LUPA SA LAHAT NG LUGAR NA NASASAKUPAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PAMAMAGITAN NG PAGTATALAGA SA TANGGAPAN NG PAGPAPLANO AT PAGPAPAUNLAD NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA NA MAMAMAHALA SA PAGPAPATUPAD NG MUNTINLUPA ZONING ORDINANCE 91-39 AT SA PAGKOLEKTA NG KAUKULANG BAYAD (FEES).

************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

************************************************************

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay nagpasa ng Kautusang Bayan Bilang 91-39 na ineemyendahan ang ilang probisyon ng Metropolitan Manila Zoning Ordinance Bilang 81-01 para sa Bayan ng Muntinlupa at ang paglikha ng Tanggapan ng Zoning Administrator at pagpapatupad nito;

SAPAGKAT ang Kautusang Bayang nabanggit ay pinagtibay na sa kabuuan ng Housing and Land Use Regulatory Board (HLURB) noong ika-09 ng Agosto, 1993;

SAPAGKAT, isinasaad sa Seksyon 447-4 ng R.A. 7160 na ang Sangguniang Bayan ay maaaring limitahan ang gamit ng lupa, mapangalagaan ang pangkalahatang kapakanan nito;

SAPAGKAT, sa ngayon ang sinumang nais magpatayo ng gusali ay kumukuha muna sa tanggapan ng Metro Manila Zoning Administrator ng Locational Clearance bago makakuha ng Building Permit;

SAPAGKAT, matuwid lamang na ang Pamahalaang Lokal ang siyang dapat magpatupad ng kanilang sariling zoning ordinance;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay nagtataglay ng isang tanggapan na may kakayahang magpairal ng zoning ordinance;

SAPAGKAT, sa ilalim ng Lokal na Tanggapan ng Pagpaplano at Pagpapaunlad ng Bayan ng Muntinlupa ay may Land Management Division na sumasaklaw sa Zoning at Land Use Planning Sections;

NGAYON, DAHIL DITO, sa bisa ng kapangyarihang iniaatang ng Bagong Koda para sa lokal na pamamahala, ay ipinapatupad ng Sangguniang Bayan ang kapangyarihang limitahan ang gamit ng lupa sa mga lugar na nasasakupan nito sa pamamagitan ng pagtatalaga sa Tanggapan ng Pagpaplano at Pagpapaunlad bilang Local Zoning Administrator na mamamahala sa pagpapatupad ng bagong zoning ordinance at sa pagkolekta ng kaukulang bayad (fee) ayon sa isinasaad ng Seksyon 11 ng Kautusang Bayan bilang 91-39;

PINAGPASIYAHAN PANG MULI ang mga sumusunod:

SEKSIYON 1 - Ang mga sumusunod ang siyang magiging tungkulin ng Tanggapan ng Pagpaplano at Pagpapaunlad ng kapasiyang ito:

1. Magbigay o tanggihan, may kondisyon man o wala, ang mga aplikasyon para sa locational clearance para sa conforming at non-conforming uses salig sa pinagtibay na zoning ordinance;

2. Mag-isyu ng Certificate ng conformance o non-conformance;

3. Bigyan ng kaukulang aksyon o hakbang ang mga aplikasyon ng special use permit, temporary use permit, exceptions, variances, renovations at/o expansion of existing conforming & non-conforming uses at iba pang aplikasyon na nangangailangan ng clearance mula sa ibang mga ahensiya ng pamahalaan;

4. Maghain ng kaukulang legal na pamamaraan o proceedings upang maipatupad ang mga pinagtibay na zoning ordinance;

5. Bigyan ng kaukulang hakbang ang mga reklamo/petisyon ukol sa mga usaping nagmumula sa pagpapatupad tungkulin nito at mga paglabag sa mga pinagtibay na zoning ordinance;

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



6. Magbigay ng abiso (notice) / paunawa ng pagpapaalis (removal) ng anumang uri na may kinalaman sa paglabag sa mga pinagtibay na zoning ordinance sa mga may-ari, ahente o nangungupahan ng gusali o lupa, o sa iba pang kinauukulan na nagsasagawa o tumutulong sa paglabag ng nga zoning ordinance;

7. Ipag-utos ang pagpapatigil ng pag-okupa o gamit ng alinmang gusali o istruktura o alinmang bahagi nito na taliwas sa mga tadhanain ng Muntinlupa Zoning Ordinance No. 91-39;

SEKSIYON 2 - Anumang locational clearance at development permit na ipalalabas ng Tanggapan ng Pagpaplano at Pagpapaunlad ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay pagtitibayin muna ng Sangguniang Bayan;

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang tanging pulong na ginanap ngayong ika-25 ng Mayo, 1994.

PINATOTOHANAN:

KGG. DANTE S. ALMARIO
Pan. Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

(Absent)
KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

KGG. ROGER JOHN P. SMITH
Konsehal

KGG. RESTITUTO N. SANTOS
Konsehal

KGG. BALDOMERO D. NIEFES
Konsehal

KGG. ROMY J. TAN
Konsehal

KGG. SIMEON BUNANGLAG
Konsehal

KGG. PRAXEDES P. BIGATA
Konsehal

KGG. FE ISABEL D. SERVIDA
Konsehal

KGG. FRANCISCO UMALI
Konsehal

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

KGG. ARTURO S. BUNYI
Pansamantalang Punongbayan